**A SI MOISES AT DIOS:**

- **PAKIKIPAGTAGPO SA DIOS (Exodo 33:7-11)**
  - Nakipagtagpo si Moises sa Dios sa tabernakulo, kung saan nakipag-usap sya ng harapan (Ex. 33:7-11).
  - Paglilinaw: ang katagang “harapan” ay hindi nangangahulugang nagkita talaga sila sa pisikal, ngunit sa halip ay nagkaroon sila ng tuloy-tuloy na pag-uusap (bagaman hindi talaga nakita ni Moises ang mukha ng Dios).
  - Ang ugnayan sa pagitan ni Moises at Dios ay unti-unting tumibay.
  - Naging tapat na lingkod ng Dios si Moises (Heb. 3:5), isang hindi maitatagong liwanag sa kadiliman, at isang propetang maganda ang halimbawa.
- **PAGKILALA NG MAINAM SA DIOS (Exodo 33:12-17)**
  - Nang sinabi ng Dios na hindi Nya sasamahan ang Israel patungo ng Canaan (Ex. 33:1-3), nagkaroon ng kapanapanabik na pag-uusap (Ex. 33:12-17):
    (1) **Dios** : Ikaw ay aking kaibigan at nasayo ang aking pabor
    (2) **Moises** : Kung ganun, ituro mo sa akin ang iyong paraan, upang makilala kita
    (3) **Dios** : Ang presensya koy sasama sa iyo, at bibigyan kita ng kapahingahan
    (4) **Moises** : Kung hindi sasama ang iyong presensya sa amin, huwag mo kaming ipadala doon
    (5) **Moises** : Kung hindi ka sasama sa amin, paano malalaman ng sinuman na ikaw ay nalulugod sa akin?
    (6) **Dios** : Okay, gagawin ko ang hinihiling mo, dahil pinapaboran kita at kinikilala kitang kaibigan.
  - Gumugol ng 40 araw si Moises kasama ng Dios, upang tanggapin ang Sampung Utos at direksyon kung paano itayo ang santuaryo. Ngayon ay humarap sya muli sa Dios, namamagitan para sa mga tao. Tila kilala na nya ang Dios, dahil malapit syang nakipag-usap sa Kanya. Sa anong paraan, niya, kailangang makilala Siya (Ex. 33:13)? Sa anong paaran kailangan mo rin Syang makilala?

**B ANG KALUWALHATIAN NG DIOS:**

- **ANG PAGHANGAD NA MALAMAN ANG KALUWALHATIAN NG DIOS (Exodo 33:18-23)**
  - Hiniling ni Moises: Ipakita mo sa akin ang iyong kaluwalhatian (Ex. 33:18) + Sagot ng Dios: Ipapakita ko sa iyo ang aking kabutihan (Ex. 33:19) + Ang ipinakita ng Dios sa kanya ay ang Kanyang katangian (Ex. 34:6-7) => Ang kaluwalhatian ng dios ay ang Kanyang kabutihan, iyon ay, Kanyang katangian.
  - Kaya, ang ating “kaluwalhatian” ay ipakita ang katangian ng Dios sa ating mga buhay (2 Cor. 1:12; 3:18).
  - Kung titingin tayo sa Krus, makikita natin ang dakilang pagpapahayag ng kaluwalhatian ng Dios, Kanyang kabutihan, at Kanyang katangian.
- **ANG PANGITAIN NG KALUWALHATIAN NG DIOS (Exodo 34:1-28)**
  - Ipinakita ng Dios ang Kanyang kaluwalhatian kay Moises sa ikapitong pag-akyat nya sa bundok ng Sinai.
  - Ang pangitain ng kaluwalhatian ng Dios ay nagpapakita ng pagpapahayag ng katangian ng Dios (Exo. 34:6-7). Sa sulyap ng pag-ibig ng Dios, sumamaba si Moises (Ex. 34:8; 1 Juan 4:19).
  - Sa huli, muling pinagtibay ng Dios ang Kanyang tipan sa Israel at pinatawad ang paggawa ng diosdiosang baka.
- **ANG RESULTA NG PAGKAKITA SA KALUWALHATIAN NG DIOS (Exodo 34:29-35)**
  - Nakipag-usap ng maraming beses dati si Moises sa Dios ng “harapan”, at hanggang doon, hindi nagliwanag ang kanyang mukha. Ano ang nabago ngayon? Pansinin, na ang pagbabago ay nagpatuloy sa mahabang panahon (Ex. 34:34-35).
  - Nakipag-usap ng maraming beses dati si Moises sa Dios ng “harapan”, at hanggang doon, hindi nagliwanag ang kanyang mukha. Ano ang nabago ngayon? Pansinin, na ang pagbabago ay nagpatuloy sa mahabang panahon.
  - Sa pagbabaliktanaw sa bahaging ito, inaanyayahan tayo ni Pablo na gayahin si Moises at pagbulay-bulayan ang kaluwalhatian ng Dios at mabago rin kagaya niya (2 Cor. 3:12-18).
  - Si Moises ay halimbawa na nagpapakita kung ano ang kayang gawin ng Dios sa atin kung hahayaan natin syang baguhin ang ating katangian at hubugin tayo sa Kanyang banal na larawan.